AFSCME 3299

MADALAS NA MGA TINATANONG SA ATING BUKAS NA DULONG ULP WELGA

T: Kailan ang welga? At gaano katagal ang welga?

Magsisimula ang welga sa 12:00 AM (0:00) simula sa Huwebes, ika-14 ng Mayo, 2026. Ang sinumang nasa gitna ng isang shift kapag nagsimula ang welga sa 12:00 AM ng Huwebes, ika-14 ng Mayo, 2026 ay dapat magpatuloy na magtrabaho hanggang sa normal na pagtapos ng shift na ito. Ang kahulugan ng isang bukas na dulong welga ay patuloy ang pagwewelga hanngang sumunod sa batas ang UC, makipagnegosasyon sila ng may mabuting hangarin, at magbigay sa atin ng isang kontratang tumutugon sa ating mga pangunahing kahilingan.

T: Bakit tayo tumutungo sa isang bukas na dulong welga o open-ended strike?

Nitong mga nakaraang dalawang taon, tumanggi ang UC makipagnegosasyon ng may mabuting hangarin at nag-alok sila ng mga mababang kalidad na mga panukala. Nagwewelga tayo upang puwersahin ang UC na sumunod sa batas at makipagnegosasyon ng may mabuting layunin hanggang magkaroon tayo ng komprehensibong kasunduan. Partikular dito,

- Ilegal na pagpapatupad ng maraming mga bagay, kasama ang pagtaas ng mga antas para sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga manggagawa, at
- Labag sa batas na bigo at pagtangging makipagnegosasyon sa AFSCME tungkol sa mga benepisyo para sa pamamahay para sa mga pangunahin o frontline na mga manggagawa.

Kapag hinayaan, ang mga hindi patas na gawi sa pagtatrabahong ito ay papanatiliin tayong kulelat.

T: Ang isang bukas ang dulong welga lang ba ang tanging opsyon sa ngayon?

Matapos ang higit pa sa 2 taong pagnenegosasyon, nagsimula lang na medyo gumalaw ang UC sa iba nating mga isyu, ngunit patuloy ang kanilang pagtangging tugunan ang ating mga pangunahing isyu - kasama ang pamamahay. Ang kanilang mga inaalok ay lubhang kulang sa nararapat para sa atin. Habang tayo'y umaaksyon upang puwersahin ang UC, ang isang bukas ang dulong welga ay kakailanganin kung bigo ang UC na makipagnegosasyon ng may mabuting layunin.

T: Magpapatuloy ba ang pagnenegosasyon sa UC?

Oo, nananatiling malugod na pumapayag ang unyon para sa mga makahulugang negosasyon.

T: Bakit importanteng ako'y makilahok kapag itinawag ang welga?

Ang pagpuwersa sa UC na sumunod sa batas at pumayag sa isang kontratang tumutugon sa ating mga pangunahing hiling ay pinakamahalaga upang tumigil ang ating pamumuhay na umaasa lang kada suwelduhan. Ang isang matatag na welga ay isang malakas na mensahe sa UC, pati na sa mga pasyente, mga estudyante, at sa midya. Kung bigong makipagnegosasyon ang UC na may mabuting pakay, lahat ng mga miyembro ng AFSCME ay kinakailangang makilahok sa welga at pumunta sa linya ng piket.

T: Anong kailangan kong malaman ngayon upang makapaghanda para sa isang bukas ang dulong welga?

Kinakailangan mong makilahok sa mga pulong ng unyon at mga aksyon at isapublikong ipakita ang iyong suporta bilang isang miyembro ng unyon. Importante ding maghanda ng pinansyal sa pamamagitan ng pag-iipon ng pera at pagkuha ng mga dagdag na shift ngayon.

T: Kung ang shift ko ay pumatak sa weekend pagkatapos ng ika-14 ng Mayo, kailangan ko bang magtrabaho?

Dapat hindi ka magtrabaho habang May welga. Magwewelga tayo simula sa ika-14 ng Mayo. Ang welga ay 24/7, kasama ang mga weekend, kahit ano pa ang ating mga oras ng piket.

T: Anong mangyayari sa aking mga benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan habang may welga?

Patuloy ang iyong mga benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan habang may welga. Noong 2021, ipinaglaban at pinanalo ng ating unyon ang AB 237. Dahil dito, ang mga empleyado sa pampublikong sektor ng California, tulad ng UC ay kailanma'y hindi maaaring ikansela ang pangkalusugang insurance ng kanilang mga empleyado habang may welga. Ibig sabihin ay maari mong isatupad ang iyong legal na protektadong karapatang mag-welga ng walang pag-aalalang mawalan ng benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan.

T: Maaari bang i-lockout tayo ng UC habang may welga?

Hindi, hindi maaaring i-lock out tayo ng UC. May karapatan tayong mag-welga dahil sa hindi patas na gawi sa pagtatrabaho ng UC. Ilegal ang paghiganti ng UC sa pamamagitan ng pag-lockout ng mga nagwewelgang manggagawa.

T: Ano ang aking legal na karpatang mag-welga bilang isang per-diem, nasa probasyon, o limitadong empleyado sa UC?

Lahat ng mga manggagawang sakop ng kasunduan ng AFSCME ay may legal na karapatang magwelga, per-diem man, nasa probasyon, o limitado. .All workers covered by the AFSCME agreement have the legal right to strike, whether per-diem, limited or on probation. Sa ilalim ng ating kasalukuyang kasunduan, ang mga limitado, per-diem at nasa probasyon na mga manggagawa ay maaaring matanggal sa trabaho dahil sa anumang rason - mapwera lang sa mga ilegal na dahilan, tulad ng paghihiganti dahil sa aktibidades para sa unyon (kasama na ang pagwewelga). Kasama sa ilegal na paghihiganti ang: pagbabawas ng appointment o regular na oras ng isang tao, pagbabago ng mga iskedyul, at anumang disiplina. Ipinagtanggol at mananatiling ipagtatanggol ng AFSCME ang mga manggagawang nakakaranas ng paghihiganti dahil sa pakikilahok sa legal na protektadong mga welga at aktibidades ng unyon. Kung mangyari ito, makipag-ugnayan agad sa iyong pinuno ng MAT o organizer.

T: Paano ko dapat sagutin kung tanungin ako ng aking supervisor kung magwewelga ba ako o kung papasok ako sa trabaho sa panahon ng welga?

Hindi ninyo kinakailangang sumagot sa anumang tanong tungkol sa iyong pakikisali sa isang welga. Maaaring magtanong ang UC, ngunit wala silang karapatang mamilit na sagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa inyong pakikilahok sa welga o kahit ano pang legal na protektadong aktibidad ng unyon. Huwag kayong pumirma ng kahit ano mula sa mga manedyer o namamahala tungkol sa kung plano ninyo o hindi na magtrabaho habang may welga. Kung tatanungin kayo ng inyong superbisor tungkol sa inyong pakikilahok, kinakailangang sabihan din nila kayo na hindi ninyo kinakailangang sumagot at na ang UC ay hindi maghihiganti sa inyo dahil sa inyong pagsasali sa welga. Kundi ay agad na kausapin ang inyong lider ng MAT.

T: Nagmamalasakit ako sa aking mga pasyente at estudyante. Bakit sinasabi sa amin ng UC na ang aming welga ay makakasama sa mga estudyante at pasyente?

Gagawin ng UC ang lahat para pigilan tayo sa pagwewelga, na makakaapekto sa UC sa aspektong pinansyal. Ang ating unyon ay nagsikap nang husto upang protektahan ang ating mga pasyente bago at sa panahon ng anumang welga. Binigyan natin ang UC ng higit sa 4 na linggong abiso tungkol sa ating welga at bumuo din kami ng isang Patient Protection Task Force, na nagbibigay tulong sa staff ng UC sa ospital kapag may tunay na emerhensiyang lumitaw habang may welga.

T: Mayroon bang ma-aavail na pondo para sa welga o strike fund?

Sakripisyo ang mag-welga. May limitadong pondo para sa welga ang ating unyon upang mabayaran ang pagkain para sa welga at mga logistiks, at upang makatulong sa mga paghihirap ng mga miyembrong nagwewelga. Ang isang miyembro ay hindi magiging karapat-dapat para sa anumang tulong sa oras ng kahirapan kung sila ay papasok sa trabaho sa UC para sa anumang mga shift sa panahon ng welga maliban kung gagawin nila ito sa pamamagitan ng Patient Protection Task Force o dahil sila ay naaprubahan na ng AFSCME na magtrabaho sa isang posisyong hindi kasama sa welga.